SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 15, 2024 LUNES, IKA-9:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RECEIVED
26 JAN 2024
Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 01/29/24
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 016-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 108-T2023/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 104-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGLALAAN NG HALAGANG ISANG MILYON TATLONG DAAN ANIMNAPU'T LIMANG LIBO LIMANG DAAN ANIMNAPU'T APAT NA PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P1,365,564.80) PARA SA 20 BAHAGDANG PONDONG PANGKAUNLARAN (20% DEVELOPMENT FUND) NG BARANGAY SANTO ANGEL NORTE, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, ang halagang P1,365,564.80 ay nakatakdang ilaan sa mga programa, gawain at Proyektong Pangkaunlaran mula sa 20 Bahagdang Kabahagi ng Rentas-Internas ng nabanggit na barangay sa Taong 2024;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan at napaliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pagsusuri at pag-aaral;

**SAPAGKAT,** matapos na ito ay masuri at malaman na ang mga binalangkas na programa, gawain at proyekto ay tumutugon sa pangangailangan ng nabanggit na barangay ay inirekomenda ng nasabing lupon na pagtibayin na ang 20 Bahagdang Pondong Pangkaunlaran ng Barangay Santo Angel Norte.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Lea A. Almarvez (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Alan T. Pamatmat at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 108-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 104-T2023 ng Sangguniang Barangay na naglalaan ng halagang P1,365,564.80 para sa 20 Bahagdang Pondong Pangkaunlaran ng Barangay Santo Angel Norte, Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Santo Angel Norte, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Enero 15, 2024.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan